Markahan ang iyong kalendaryo.

2024 Eleksyon Primarya

Hul 23 | Maipadadala ang Pakete ng Balota
Hintayin ang iyong pakete ng balota para sa Eleksyon Primarya na maipadadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo.

Hul 29 | Sentro ng Paninilbihan sa Botante (Voter Service Center)
Ang mga Sentro ng Paninilbihan sa Botante ay bukas sa buong Araw ng Eleksyon para sa rehistrasyon ng botante at upang magbigay ng madaling botohan na balota para sa mga tao na pupunta rito. Bisitahin ang elections.hawaii.gov para sa mga lokasyon at mga oras kung kailan bukas.

Hul 31 | Rehistrasyon ng Botante
Huling araw para sa mga unang beses pa lamang na boboto na magsumite ng papel na Aplikasyon sa Rehistrasyon ng Botante para sa Eleksyon Primarya.

Agos 10 | Eleksyon Primarya
Ang mga nabotohang balota ay kailangang matanggap ng di lalagpas sa alas 7:00 ng gabi.

2024 Eleksyon Heneral

Okt 18 | Maipadadala ang Pakete ng Balota
Hintayin ang iyong pakete ng balota para sa Eleksyon Heneral na maipadadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo.

Okt 22 | Sentro ng Paninilbihan sa Botante (Voter Service Center)
Ang mga Sentro ng Paninilbihan sa Botante ay bukas sa buong Araw ng Eleksyon para sa rehistrasyon ng botante at upang magbigay ng madaling botohan na balota para sa mga tao na pupunta rito. Bisitahin ang elections.hawaii.gov para sa mga lokasyon at mga oras kung kailan bukas.

Okt 28 | Rehistrasyon ng Botante
Huling araw para sa mga unang beses pa lamang na boboto na magsumite ng papel na Aplikasyon sa Rehistrasyon ng Botante (Voter Registration Application) para sa Eleksyon Heneral.

Nob 5 | Eleksyon Heneral
Ang mga nabotohang balota ay kailangang matanggap ng di lalagpas sa alas 7:00 ng gabi.

Kailangan bang boboto ka bilang absentee?
Kung ikaw ay wala sa iyong tahanan sa panahon ng mga eleksyon, maaari mong hilingin na maipadadala sa iyong iba o temporaryong adres. Kumpletuhin ang isang Aplikasyon sa Absentee na Balota (Absentee Ballot Application) at isumite ito sa iyong Dibisyon ng mga Eleksyon ng Bayan (County Elections Division) nang di lalagpas ng 7 araw bago ng eleksyon. Makukuha ang mga aplikasyon sa elections.hawaii.gov.

Mas gugustuhin mo na boboto ng personal?
Ang mga Sentro ng Paninilbihan sa Botante (Voter Service Center) ay nag-aalok ng personal na pagboto ng balota na madaling botohan at nag-aalok din ng rehistrasyon ng botante, at bukas 10 araw na may trabaho bago at sa Araw ng Eleksyon. Para sa mga lokasyon at mga oras, puntahan ang elections.hawaii.gov.

Kausapin Mo Kami

Para sa impormasyon tungkol sa pagpaparehistro para makaboto, kausapin ang iyong Dibisyon ng mga Eleksyon ng Bayan.

Bayan ng Hawaii	(808) 961-8277
Bayan ng Maui	(808) 270-7749
Bayan ng Kauai	(808) 241-4800
Syudad at Bayan ng Honolulu	(808) 768-3800

Para sa karagdagan na impormasyon tungkol sa pagboto, kausapin ang Tanggapan ng mga Eleksyon (Office of Elections).

Telepono:	(808) 453-VOTE (8683)
Toll Free:	1-800-442-VOTE (8683)
Para sa May Kapansanan sa Pandinig at Pagsasalita (TTY):	(808) 453-6150
Libreng Tawag TTY:	1-800-345-5915
Email:	elections@hawaii.gov
Website:	elections.hawaii.gov

HAWAII VOTES

Tagalog

Bomoto nang maginhawa.

Pupunta sa iyo ang iyong balota.

HAWAII VOTES

Paano boboto sa 3 madaling hakbang.

1. **Magparehistro upang makaboto.**
Puntahan ang **elections.hawaii.gov** upang magparehistro online o upang malaman ang iba pang paraan ng pagpaparehistro. Kung ikaw ay lumipat ng tirahan o nabago ang iyong pangalan at adres na kung saan pinadadala ang sulat, siguraduhin na mabago ang iyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante upang tuloy-tuloy na matanggap mo ang iyong balota.

2. **Matatanggap mo ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo.**
Sa sandaling ikaw ang rehistrado na, awtomatiko na matatanggap mo ang pakete ng balota nang di lalagpas sa 18 araw bago ng bawat eleksyon. Kung hindi, kausapin agad ang iyong Dibisyon ng mga Eleksyon ng Bayan.
Bago bomoto, maari mong tingnan ang digital na gabay ng botante para marepaso ang mga paliwanag mula sa mga kandidato o mga paliwanag tungkol sa mga katanungan na kailangang pagbotohan. Bisitahin ang **elections.hawaii.gov.**

3. **Bomoto nang maginhawa.**
Sundin ang mga instruksyon sa iyong balota, markahan nang buong ingat, at siguraduhin na malagdaan mo ang sobre (return envelope). Maaari mong ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo gamit ang may selyo na sobre o maghanap ng kahon ng hulugan ng balota (ballot drop box) sa iyong bayan at dito mo ilagay ang iyong nakasobre na nabotohan na balota.

Kailangan mo ang balota na madaling botohan?
Kung ikaw ay bulag o nahihirapan sa paningin at di ka nakababasa ng nakaprinta sa papel, maaari kang humingi ng madaling botohan na elektroniko na balota sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Aplikasyon sa Rehistrasyon ng Botante o sa pamamagitan ng online na sistema ng rehistrasyon ng botante sa **elections.hawaii.gov.**

Kumpletuhin ang balota na naipadala sa iyo.

1. **Bago bomoto,** repasuhin ang harap at likuran ng balota. Sa pagboto, itiman ang mga kahon ng mga napili mo gamit ang itim o asul na panulat (pen). Kung nagkamali ka, kausapin ang iyong Dibisyon ng mga Eleksyon ng Bayan upang mapalitan ang iyong balota.

2. **Pagkatapos bomoto,** ilagay ang iyong balota sa sekretong sisidlan (secrecy sleeve). Pagkatapos, ilagay ang sisidlan sa sobre.

3. **Basahin ang patunay na deklarasyon at lagdaan ang sobre.**
Kailangang lagdaan mo ito upang maisama ang iyong balota sa bilangan. Pagkatapos na napatunayan na totoo ang iyong lagda, bibilangin na ang iyong balota.



Paano ibabalik ang nabotohan na balota:

Sa Pamamagitan ng Koreo: Ipadala ang nabotohan na balota sa pamamagitan ng koreo gamit ang may selyo na sobre. Alamin kung kaano katagal magdeliber ang USPS upang masiguro na matanggap ang iyong balota bago ang huling araw ng pagtanggap.

Sa Pamamagitan ng Ballot Drop Box: Ihulog ang iyong nabotohan na balota sa kahon ng hulugan ng balota (ballot drop box) na nasa iyong bayan. Para sa mga lokasyon at mga oras, puntahan ang **elections.hawaii.gov**.

ANG MGA NABOTOHAN NA BALOTA AY KAILANGANG MATANGGAP NG IYONG DIBISYON NG MGA ELEKSYON NG BAYAN NANG DI LALAMPAS SA ALAS 7:00 NG GABI SA ARAW NG ELEKSYON UPANG MAISAMA SA BILANGAN.

Alamin kung nasaan ang iyong balota.
Maaari mong alamin ang kalagayan ng iyong balota at tingnan kung ito ay naipadala na o natanggap na ng iyong Dibisyon ng mga Eleksyon ng Bayan sa **elections.hawaii.gov.**